# Tamad na empleyado, sisibakin — QC mayor

Balita · 22 May 2019 · 3 · Jun Fabon

Tiniyak ni incoming Quezon City Mayor Joy Belmonte ang pagsibak sa mga tamad na empleyado at hindi maayos ang serbisyo sa lungsod.

Ayon kay Belmonte, ito ang kanyang pangunahing hakbang na ipapatupad sa loob ng 100 araw na panunungkulan bilang bagong alkalde.

"Ang housekeeping at paglilinis sa QC hall ang unang aayusin at ang mga bulok na sistema na may anomalya ay itatama at hindi kokunsitihin ang mga maling gawain sa City hall," ani Belmonte.